# Sa Kabila ng Pagkatalo: Ang Uring Tagagabay, Katwirang Pangkasaysayan, at ang Diskurso ng Kasarinlan at Kalayaan sa *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* ni Isabelo de los Reyes

**CHRISTOFFER MITCH C. CERDA**
Pamantasang Ateneo de Manila
ccerda@ateneo.edu

**ABSTRAK**

Tila nawawala *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* ni Isabelo de los Reyes sa nakalipas na mga pagtatáya sa panulat ni de los Reyes bilang intelektuwal. Maikling banggit lamang ang nakuha nito sa *Brains of the Nation* ni Resil Mojares. Sa *Origins and Rise of the Filipino Novel*, tinalakay din ito ni Mojares bilang interesanteng halimbawa ng paghahalo ng iba't ibang tendensiya sa pagsusulat ng nobela sa Pilipinas subalit hindi naging matagumpay bilang nobela. Nahihirapan din ang ibang kritiko na pahalagahan ang nobela dahil sa kabila ng makabayan nitong tindig laban sa pananakop ng mga Amerikano, kalauna'y manunumpa ang bidang si Koronel Puso sa watawat ng Estados Unidos sa pagtatapos ng nobela.

Sa sanaysay na ito, babalikan ang nobelang ito ni de los Reyes at iuugnay sa kaniyang mga naunang panulat, partikular ang kaniyang mga historikal na akda tungkol sa *Himagsikan, ang Memoria: Ang Madamdaming Alaala ni Isabelo de los Reyes Hinggil sa Rebulusyong Filipino ng 1896-1897* at ang ikalawang edisyon ng *Ang Relihiyon ng Katipunan*. Sa dalawang akda na ito makikita ang mga saloobin ni de los Reyes tungkol sa Himagsikan at matatagpuan din ang kaniyang mga pananaw kung paano haharapin ang kolonyalismong Amerikano. Kailangang tingnan ang nobela bilang ambag ni de los Reyes sa diskursong pangkasaysayan at kailangang ilagay sa konteksto ng pagkawagi ng mga Amerikano laban sa hukbo ni Aguinaldo. Paano nga ba maitataguyod ang tinatamasang kalayaan at kasarinlan sa kabila ng pagkatalong ito? Paano maikakatwiran gamit ng kasaysayan ang katwiran ng kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas? Sa pagbasa sa nobela bilang nobelang pangkasaysayan na ginagamit ang kasaysayan upang ilahad ang katwirang pangkasaysayan para sa kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas, maaaring
*(Continued on next page)*

Sa hanay ng mga unang nobelang Tagalog na nailathala noong unang dekada ng ika-20 siglo, hindi nakamit ng *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* ni Isabelo de los Reyes ang katanyagan at kritikal na pagkilala ng tulad ng nakuha ng *Banaag at Sikat* ni Lope K. Santos (1906) o *Pinaglahuan* ni Faustino Aguilar (1907). Sa hanay naman ng mga naisulat ni Isabelo de los Reyes, hindi ito lubos na nabibigyan ng halaga, hindi tulad ng kaniyang *El Folklore Filipino*. Halimbawa'y sa *Brains of the Nation* ni Resil B. Mojares, isang maikling banggit lamang ang ibinigay ni Mojares tungkol sa nobelang ito at hindi niya binigyan ng malalim na pagpapahalaga kompara sa ibang mga isinulat ni de los Reyes sa kasaysayan, folklore, at relihiyon (332-333).

Tatangkain ng pagsusuring ito na bigyan ng halaga ang *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* sa dalawang paraan. Una, pahahalagahan ito bilang isang mahalagang nobela—lalo na bilang nobelang pangkasaysayan—na umaambag sa pananaw ni Isabelo de los Reyes, sa partikular, at sa pananaw ng ilustradong kumakatawan sa sambayanang Filipino, sa pangkalahatan, sa pagbuo ng isang katwiran at kamalayang pangkasaysayang pinupuna ang kolonyalismong Amerikano. Para kay de los Reyes, mahalaga ang pagbuo ng isang kamalayang pangkasaysayan upang makilala ng mga Filipino ang kanilang sariling kabihasnan at ito ang magiging susi upang makamit ang kalayaan at kasarinlan. Pangalawa, pahahalagahan ito sa konteksto ng pananakop ng mga Amerikano at kung paano hinarap ng mga ilustradong tulad ni de los Reyes ang suliranin ng kolonyalismo't imperyalismong Amerikano. Mahalagang basahin, kung gayon, ang nobela sa kontekstong pangkasaysayan nito at sa intelektuwal na ambag ni de los Reyes sa namamayaning diskurso noon tungkol sa katwirang

matagpuan dito ang mga halagahang itinataguyod ni de los Reyes—tulad ng galíng at tapang ng mga bayaning Filipino na lumaban para sa Pilipinas—bilang pundasyon ng isang malayang Pilipinas.

*ABSTRACT*

*Isabelo de los Reyes's* Ang Singsing ng Dalagang Marmol *has been left out in recent reevaluations of de los Reyes as an intellectual. It is only mentioned in passing in Resil B. Mojares's* Brains of the Nation. *In* Origins and Rise of the Filipino Novel, *also by Mojares, the novel is discussed as an interesting example of the mixing of different tendencies in the writing the novel in the Philippines but ultimately fails as a novel. Other critics like Delfin Tolentino, Jr. and Soledad S. Reyes also have difficulty in evaluating the novel because, on the one hand, it shows a nationalistic stance against the American conquest, the novel's lead character, Colonel Puso, swore an oath of allegiance under the American flag at the end of the novel.*

*In this essay, de los Reyes's novel will be reread in relation to his earlier writings, in particular the historical works about the* Revolution, his Memoria: Ang Madamdaming Alaala ni Isabelo de los Reyes Hinggil sa Rebulusyong Filipino ng 1896-1897 *and the second edition of* The Religion of the Katipunan. *De los Reyes's thoughts and ideas about the Revolution can be found in these two works along with his ideas on how to confront the coming American colonialism. The novel must be read as a contribution to de los Reyes's historical discourse and must be contextualized in the American victory against Aguinaldo's army. How can freedom and independence be pursued in light of this defeat? How can one rationalize the freedom and independence of the Philippines using history as evidence? Reading the novel as a historical novel that uses history to layout the historical right of the Philippines for freedom and independence, one can find the many values that de los Reyes pursued—for example, the excellence and bravery of the Filipino patriots who fought for the Philippines—as foundations for a free Philippines.*

**SUSING SALITA *(KEYWORDS)***

nobelang pangkasaysayan *(historical novel)*, katwirang pangkasaysayan *(historical right)*, alegoryang pangkasaysayan *(historical allegory)* , nasyonalismong Filipino *(Filipino nationalism)*, kolonyalismong Amerikano *(American colonialism)*

gumagamit ng kasaysayan upang itaguyod ang kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas.

Titingnan ng sanaysay na ito ang nobelang *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* bilang isang nobelang pangkasaysayang nag-aambag sa diskursong makabayan ngunit hinaharap din ang bagong realidad ng kolonyalismong Amerikano. Para sa pagsusuring ito ng *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*, nais kong iugnay ito sa bisyong pangkasaysayan ni Isabelo de los Reyes na matatagpuan sa kaniyang *La sensacional memoria de Isabelo de los Reyes sobre la revolucion Filipina de 1896-97* (tutukuyin na lamang sa sanaysay na ito bilang *Memoria*) na inilathala noong 1899 at sa ikalawang edsiyon ng *Apuntes para un ensayo de Teodicea Filipina la religion del "Katipunan" o sea la antigua de los Filipinos tal como ahora la resucita la asociacion de los hijos del pueblo (Katipunan), la promovedora de la revolucion Filipina* (tutukuyin na lamang sa sanaysay na ito bilang *Religion*) na inilathala noong 1900. Susi para sa akin ang pagtingin sa mga akdang ito upang higit na maunawaan ang pananaw ni Isabelo de los Reyes sa Himagsikang 1896 at sa Digmaang Filipino-Amerikano. Sa ganitong paraa'y maaaring maisakonteksto ang posibleng pagbasa sa *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* sa isang higit na malawak na diskursong pangkasaysayan at politikal. Ano nga ba ang sinasabi ng nobelang *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas? Ano ang pananaw ng nobela kung paano posibleng makamit ng Pilipinas ang kasarinlan at kalayaan? Ano ang ideolohiya na itinutulak ng nobela?

## Ang Kasaysayan ng Pagkakasulat at Pagkakalathala ng Nobela

Isinulat at inilathala sa wikang Tagalog ang nobelang *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* ni Isabelo de los Reyes sa pahayagang *Ang Kapatid ng Bayan* noong 1905. Isinalin ito sa wikang Espanyol at inilathala sa pahayagang *El grito del pueblo*, ang dahong Espanyol ng *Ang Kapatid ng Bayan*. Nawala, diumano, ang kopya ng orihinal na Tagalog ngunit naiwan ang bersiyong Espanyol at ito ang isinalin ni Carlos Raimundo tungo sa Tagalog at inilathala muli ang nobela noong 1912 (3). Gamit ang pagsusuring digital, napansin ni Ramon Guillermo sa kaniyang "Translation as Argument: The Nontranslation of *Loob* in Ileto's *Pasyon and Revolution*" ng ilang akdang Tagalog ang pagkakatugma ng wika ng salin ni Carlos Raimundo ng *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* sa salin sa Tagalog ni Pascual Poblete ng *Noli me tangere* ni Jose Rizal (20-

21). Iisa lamang ang mahihinuha sa ganitong pagkakatugma, si Carlos Raimundo ay sagisang-panulat ni Pascual Poblete. Malakas din ang ebidensiya na si Carlos Raimundo at Pascual Poblete ay iisa dahil si Poblete ang tagapaglathala ng *Ang Kapatid ng Bayan/El grito del pueblo*. Muli namang ilalathala ng Ateneo de Manila University Press noong 2004 katambal ang *Ipaghiganti Mo Ako!* Ni Precioso Palma at binigyan ng panimula ni Soledad S. Reyes.

Sa hinuha ni Delfin Tolentino, Jr. sa kaniyang "History as Fiction, Fiction as History: Isabelo de los Reyes and the Historical Novel," bagaman inilathala ang nobela noong 1905, maaaring naisulat ito sa higit na maagang petsa. Kung pagbabatayan ang mga detalye ng nobela tulad ng paghiling ng mga pangunahing tauhan na ikasal sa Simbahang Tagalog (ang IFI) na itinatag lamang noong 1902, isang kataka-takang anakronismo para kay Tolentino dahil ang tagpuan ng nobela ay ang taóng 1899 (170). Ngunit nakaligtaan ni Tolentino na noong 1899 pa lamang ay tinangka na ni Apolinario Mabini, sa tulong ni Padre Gregorio Aglipay, ang pagtatayo ng isang simbahang Filipino sa ilalim ng Republika ng Malolos bagaman matatalo ang panukala ni Mabini dahil sa matinding debate sa usapin ng pagkakaisa ng simbahan-pamahalaan sa konstitusyon ng Malolos (Schumacher 65-86). Gayundin, 1901 lamang makababalik si Isabelo de los Reyes sa Pilipinas. Mahihinuha kung gayon na posibleng naisulat ang nobela sa pagitan ng 1901 at 1905. Mahalaga ang detalyeng ito dahil maisasakonteksto natin ang kaligiran ng pagkakasulat ng nobela. Sa mga taong ito'y nasa sandali ng transisyon ang pamahalaang kolonyal ng mga Amerikano sa Pilipinas mula sa militar na pamamahala tungo sa sibil na pamamahala. Ngunit kahit na tapos na ang "opisyal" na operasyong militar ng sandatahang Amerikano dulot ng pagkatalo ng pamahalaang rebolusyunaryo nang sumuko si Heneral Emilio Aguinaldo noong 1901 at ni Heneral Miguel Malvar noong 1902, nananatili ang paglaban sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas sa pamumuno ng iba't ibang heneral at pinuno sa pagtatangkang ipagpatuloy ang himagsikang pinasimulan ng Katipunan noong 1896 (Cullinane 73-74). Mananatiling mataas ang adhikaing mapagpalaya at mapaghimagsik sa maraming bilang ng mamamayan. Dahil dito'y maglalatag ang kolonyal na pamahalaan ng mga Amerikano ng mapaniil na mga batas upang masikil ang pagpapahayag ng mapagpalaya at makabayang damdamin. Makikita ito sa mga batas tulad ng Anti-Subversion Law at Flag Law (74). Sinikil din ang mga organisasyong tuwirang nagtutulak ng kalayaan para sa Pilipinas tulad ng unang bersiyon ng Partido Nacionalista na kinasangkutan nina Isabelo de los Reyes at Pasual Poblete (77-78). Isinulat ang nobela, kung gayon, sa panahon ng maigting na pagtatalaban ng ideolohiya ng nasyonalismong Filipino at imperyalismong Amerikano.

### Mga Paunang Puna sa *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*

Sa pagsusuri ni Delfin Tolentino sa kaniyang "History as Fiction, Fiction as History: Isabelo de los Reyes and the Historical Novel," kakikitahan daw ng magkasabay na romantiko at realistikong tendensiya ang *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*. Romantiko ito dahil, tulad ng mga awit at korido na naging popular noong ika-19 na siglo sa Pilipinas, namamayani ang pag-ibig bilang pangunahing tagahubog ng tadhana ng tao. Gayundin, dumaraan sa pighati at sákit ang mga tauhan dulot ng sobra-sobrang pagmamahal. Sa huli'y kakikitahan din ang nobela ng mabubulaklak na wika't retorika at makikita ito sa labis-labis na pagtangis ni Puso kay Liwayway (172-173).

Ngunit sa kabilang banda, ayon na rin kay Tolentino, kakikitahan ang nobela ng mga realistikong tendensiya. At makikita ito sa mismong paggamit ni de los Reyes ng isang tiyak na pangkasaysayang lunan—ang digmaan sa pagitan ng mga Filipino at Amerikano at ang mga labanan na nangyari sa Bulacan noong 1899. Realistiko, sa tantiya pa nga'y *journalistic* ang estilo, dahil sa pagtukoy sa mga tunay na pangyayari sa kasaysayan at mga bantog na tao. May nangyari ngang labanan sa Kingwa at napaurong nga, pansamantala, ang mga Amerikano sa Guiguinto't Maynila nang dambahin ng puwersa ni Aguinaldo. Para kay Tolentino, lumilikha ng partikular na lunan upang maging tampukan ng drama't banghay na romantiko ng nobela (173-177).

Sa pangkalahata'y sumasang-ayon ako sa ganitong pagsusuri ni Tolentino na may romantiko at realistikong tendensiya ang nobela. Ngunit lubhang formalistiko ang kaniyang lapit kaya't sa dulo'y naging kataka-taka para sa kaniya ang pagtatapos ng nobela—ang bigla-biglang panunumpa ng

pakikipagkaibigan ni Puso sa mga Amerikano at sa masayang katapusan ng nobela. Para kay Tolentino, hatî ang nobela. Sa simula'y isa itong malinaw na kontrakolonyal at makabayang akda ngunit sa dulo'y sumuko na rin sa halina ng imperyalismo't kolonisasyon ang mga tauhan. Tinitingnan din niya ang katapusan na ito bilang punô ng kabalintunaan. Para kay Tolentino, isinisiwalat nito ang kompromiso ng "politikang ilustrado" na mayroon ang tulad ni de los Reyes, na bagaman inaasam ng mga tauhan at ni de los Reyes ang kalayaan, maaari itong gawin sa pamamagitan ng isang taktikal na pag-urong upang makamit ang higit na minimithing tunguhin (180-181).

Ngunit hindi sumasang-ayon si Soledad S. Reyes, sa kaniyang panimula sa nobela at sa nobelang *Ipaghiganti Mo Ako!* ni Precioso Palma ng edisyong 2004 ng nobela, sa ganitong pagsusuri ni Tolentino. Para kay Reyes, nananatiling subersibo ang buong akda dahil sa hindi nawawalang mithiin ng kalayaan. Sa tanong na "paano pagtatagpuin ang magkaibang tunguhin ng nobela ng kalayaan at pag-anib sa mga Amerikano?" ay sinasagot ni Reyes sa ganitong paraan,

> Maaaring sagutin ang ganitong tanong sa pamamagitan ng pagtingin sa akda bilang isang lunan ng ilang kontradiksiyon na sinasagisag ng naglalabanang tinig. Tiyak at partikular ang mga naganap sa panahon ng Rebolusyon; nakaugnay sa mga aktuwal na pangalan ang mga tauhang Filipino. Sapagkat may pangalan, bahagi sila ng kasaysayan na binubuo ng magkakaugnay na pangyayari na naganap sa isang tiyak na panahon.
>
> Sa kabilang dako, nanatiling walang pangalan ang heneral. Sapagkat wala siyang pangalan, walang partikular na identidad, nasa labas siya ng kasaysayan. Isa siyang abstraktong simbulo ng mapagkunwaring Amerikano (xxii).

Para kay Reyes, higit na makabuluhan ang kaligiran at detalyeng ng paghihimagsik dahil sa pagiging kongkreto nito. Dahil tunay na nangyari, bahagi ng kasaysayan ang himagsikan at ang pangyayari na ito ay dapat muling balik-balikan at muling ipaalala sa mga mambabasa. Sa kabilang dako, ang mga Amerikano, sa halimbawa ng mabuting heneral, ay pawang mga walang pangalan na kumakatawan sa kanilang hindi pagiging buo. Na ang pangako nilang kalayaan pagkatapos ng kanilang paggabay ay isang pangarap lamang na labas ng kasaysayan.

Bagaman sang-ayon ako sa sinabi ni Reyes na isang subersibong akda ang *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*, masyado pa ring magkataliwas ang pagkatha at pagsasakasaysayan sa kaniyang pagsusuri. Mayroong pagtangi para sa "totoo," "kongkreto," at "historikal" habang ang "abstrakto" at "katha" ay sumusunod lamang dito.

Sa pagsusuri naman ni Resil B. Mojares sa kaniyang *Origins and Rise of the Filipino Novel*, tinitingnan niya ang *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* bilang paghahalo ng iba't ibang tendensiya. Nariyan ang elementong pangkasaysayan, romansa, alegoryang politikal, at pag-aaral na sikolohiko. Isang interesanteng akda na kakikitahan ng interesanteng mga posiblidad ng nobela ngunit hindi "fully-realized" o binigyang-kaganapan ang mga posibilidad na ito. Hindi naging matagumpay ang nobelang ito, para kay Mojares, dahil hindi ito lubos naging isang boung nobela (190).

Sa pagsusuri nina Tolentino, Reyes, at Mojares, lagi't lagi nilang tinitingnan ang *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* bilang punô ng kontradiksiyon at ng mga nagtatalabang tendensiya (romantiko-realistiko para kay Tolentino, fact-fiction para kay Reyes, kasaysayan-romansa-alegorya para kay Mojares). Ngunit paano kung hindi tunguhin ni de los Reyes na maging punô ng kontradiksiyon ang kaniyang nobela? Paano kung ang lahat ng mga elemento ng nobela'y bahagi ng iisang argumento, isang uri ng katwirang pangkasaysayan, na inilalatag kung paano maipagtatanggol ng Pilipinas ang karapatan nito para sa kasarinlan at kalayaan?

**Alegoryang Pangkasaysayan at Katwirang Pangkasaysayan**

Upang masagot ang pangunahing tanong ng sanaysay at mapunan ang mga pagkukulang ng mga naunang pagsusuri, babasahin ang nobela bilang isang alegoryang pangkasaysayan. Halaw ang

pagbasa na ito sa alegoryang pambansa ni Fredric Jameson. Sa "Third-World Literature in the Era of Multinational Capitalism," inilatag ni Jameson ang kaniyang ideya ng alegoryang pambansa (national allegory) bilang pangunahing katangian ng mga panitikan ng Third-World. Ani Jameson,

> Third-world texts, even those which are seemingly private and invested with a properly libidinal dynamic necessarily project a political dimension in the form of national allegory: *the story of the private individual destiny is always an allegory of the embattled situation of the public third-world culture and society* (69).

Masyadong mapanlahat ang mga deklarasyon ng sanaysay ni Jameson tungkol sa usapin ng pambansang panitikan at ang ugnayan nito sa pambansang alegorya, tulad na rin ng batikos ni Aijaz Ahmad (3). Ngunit naging malaking tulong ang pagtukoy ni Jameson ng katangiang alegoriko sa maraming nobela't maikling kuwento mula sa "Third-World" upang maging susi sa pag-unawa sa mga ito nang hindi nahuhulog sa masyadong mahigpit na pagkapit sa Kanluraning mga pamantayan ng realismo.

Sususugan ni Doris Sommer sa kaniyang *Foundational Fictions The National Romances of Latin America* ang ideya ni Jameson tungkol sa pambansang alegorya at makikita ito sa mga kathang pundasyonal (foundational fictions) ng Latina Amerika. Para naman kay Sommer, ang pag-uugnay sa pagitan ng personal na pagnanasa sa politikal ang lumilikha ng ganitong uri ng alegorya. Ani Sommer,

> By assuming a certain kind of translatability between romantic and republican desires, writers and readers of Latin America's canon of national novels have in fact been assuming what amounts to an allegorical relationship between personal and political narratives...(41).

Ang paglalatag ng mga kathang pundasyonal ng kanilang mga politikal na programa'y isinasagawa gamit ng alegorya. Ngunit hindi ito ang makalumang alegorya na naging laganap noong Gitnang Panahon bagaman may ugnayan sila. Ngunit imbes na iugat ang alegorya sa Kristiyanismo, nakaugat na ang alegorya sa sekular na pagtatayo ng bansa. Ang pag-iibigan sa pagitan ng mga tauhan ay nakaugnay sa kalakarang politikal. Ani ulit ni Sommer, "Instead of metaphorical parallelism, say between passion and patriotism, that readers may expect from allegory, we see here a metonymic association between romantic love that needs the state's blessing and political legitimacy that needs to be founded in love (41)." Ang personal at politikal ay nagiging iisa na.

Ngunit ang pagkukulang ng mga pagsusuri nina Jameson at Sommer ay ang usapin ng kasaysayan sa mga alegoryang pambansa na ito lalo na kung susuriin ang mga nobelang pangkasaysayan. Dito ko inihahain ang metodo ng alegoryang pangkasaysayan upang masinsin nang mabuti ang mga ideyang pangkasaysayan ng isang nobelang pangkasaysayan sa isang alegorikong paraan. Tinitingnan ng alegoryang pangkasaysayan kung paano nililikha ang katwirang pangkasaysayan gamit ng alegorya na matatagpuan sa mga nobelang pangkasaysayan. Mahahati sa tatlong bahagi ang alegoryang ito—tungkol sa nakaraan, sa kasalukuyan, at sa hinaharap (tingnan ang Figura Blng. 1). Sa pagtatagpo ng mga nobelang pangkasaysayan sa isang partikular na sandali sa nakaraan, lumilikha na ang mga nobelang pangkasaysayan ng isang partikular na relasyon ng kasalukuyan at sa nakaraan. Makikita ito, sa partikular, sa pagbabanggit at pagtatalaga ng mga espesipikong petsa o taon bilang tagpuan. Lumilikha ng isang kongkretong pagbabalangkas ng kronolohiyang pampanahon ang pagbanggit sa mga petsa't taon. Minamarka ng mga petsang ito ang nakaraan bilang mahahalagang sandali sa kasaysayan. Sa ganitong paraan, nalilikha ang isang uri ng katwirang pangkasaysayan sa kamalayan ng mambabasa, lalo na sa usapin ng kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas. Bagaman maaaring hindi lubos na realistiko ang paglalarawan sa mga tauhan, banghay, at mga lugar na tagpuan, inaangkla na ng mga petsa ang mga kuwento ng mga nobelang pangkasaysayan sa isang balangkas pangkasaysayan. At ang balangkas na ito ang magiging mahalagang pundasyon tungo sa isang panimulang katwirang pangkasaysayan na nais ihayag ng nobela.





**Figura Blng. 1. Balangkas ng Metodo ng Alegoryang Pangkasaysayan**

## Ang Bisyong Pangkasaysayan at Politikal ni Isabelo de los Reyes

Upang maipakita ang kabuuan ng inihahayag na mensahe sa *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*, lalo na sa usaping pangkasaysayan at politikal, mahalagang balikan ang *Memoria* at *Religion* ni de los Reyes. Una, dahil sa kalapitan sa panahon ng pagkakasulat ng mga ito sa *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*. Gayundin, tuwirang tinatalakay ng dalawang akdang ito ang Himagsikan ng 1896 at sa pananaw ni de los Reyes sa pamahalaang rebolusyunaryo ni Emilio Aguinaldo, mga bagay na pahapyaw o tuwirang tinatakay din ng *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*. Ngunit kailangan ding linawin na may mga ideyang inilalatag sa *Memoria* at *Religion* na magbabago pagdating sa *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*. Sa paghahambing sa mga ideyang inilatag sa mga aklat na ito at sa nobela'y magkakaroon din ng higit na buong pag-unawa sa diskursong makabayan sa panulat ni de los Reyes.

Inilathala ang dalawang akdang ito nang kasapi si de los Reyes noong 1899—1901 ng *Filipinas Ante Europa*, isang pahayagang tagapagsalita para sa pamahalaang rebolusyunaryo, at ng *Comite Filipino de Madrid*, isang organisasyong tunguhin ay makilala ng mga pamahalaan ng iba't ibang bansa ang kasarinlan ng Pilipinas (Mojares 2006, 271). Ang *Memoria* ay aklat na tinitipon ang mga kalát-kalát na pahayag ni de los Reyes tungkol sa Himagsikan ng 1896—1897. Isinulat noong panahong hindi pa natatalaga ang pagkawala ng pamamahala ng Espanya sa Pilipinas, repormista pa ang pangkalahatang pananaw nito. Sinisisi ni de los Reyes ang pagsiklab ng himagsikan sa kasamaan ng praylokrasya. Kinamkam ng mga prayle ang ekonomiko at politikal na kapangyarihan sa Pilipinas na naging ugat ng katiwalian at kahirapan sa Pilipinas. Inilalatag ni de los Reyes ang tunggaliang ugat ng himagsikan sa tagisan sa pagitan ng konserbatibong puwersa (na kinakatawan ng mga prayle) at ng progresibong puwersa (na inaasahan niyang mapapasailalim sa sekular na estado ng pamahalaang Espanyol). Kaya't bahagyang inuulit ni de los Reyes ang mga kontraprayleng pananaw ng Kilusang Propaganda mula pa noong 1880 (10—76).

Ngunit dinadagdagan ni de los Reyes sa *Memoria* ang mga maling ginawa ng mga prayle sa Pilipinas. Sa pagsiklab ng Himagsikan, magpapakalat ang mga prayle ng mga maling paratang sa mga mayayaman at nakaririwasang mamamayang Filipino na hindi naman daw talaga kasapi sa himagsikan. Ito ang dahilan kung bakit pinili ng mga nakatataas na uri na, kalauna'y, suportahan ang himagsikan (31). Napansin na ni Mojares ang ambag ni de los Reyes na tingnan ang himagsikan sa lente ng uri (Mojares 2006, 314). Para kay de los Reyes, hindi malawak ang suporta sa hanay ng mga nakaririwasang Filipino para sa himagsikan. Ngunit dahil sa ginawa ng mga prayle, nagtagpo ang dalawang magkaibang uri tungo sa iisang tunguhin na patalsikin ang kolonyal na pamahalaan. Ani de los Reyes tungkol sa pananaw ng mga mayayaman sa himagsikan,

> Ang pangkat ng mayayaman sa bansa ay mapangalaga o konserbador at sang-ayon sa *status quo* o pansariling interes. Nakapipinsala sa kanya ang lahat ng pagkaligalig at naniniwala na wala siyang magaling na maaasahan, sa kasalukuyang kalagayan ng Filipinas. Dahil dito, hindi lamang sa minamata sila kundi galit na galit pa sa kanila yaong mga kontra-fraile at separatista (101).

Kung hindi dahil sa pagmamalupit ng mga prayle, hindi magkakainteres ang mayayamang uri na makilahok sa Himagsikan. Ang mahihirap na uri ang nagtaguyod sa himagsikan. At dahil sa mapaniil na mga polisiya upang sugpuin ang Katipunan ay nadawit ang mga inosente. Mahihinuha sa pananaw na ito ni de los Reyes na marahil ay hindi lumakas at nagkaroon ng posibilidad na magtagumpay ang himagsikan kung hindi nakisanib ang mayayamang uri sa tunguhin ng himagsikan.

Bagaman hindi tuwirang akdang pangkasaysayan, iniuugat ni de los Reyes sa *Religion* ang mga pananaw at pilosopiya ng Katipunan sa sinaunang relihiyon ng mga Filipino na tatawagin niyang "Bathalismo," na hinahalaw niya mula kay Pedro Paterno. Inilatag ni de los Reyes ang tatlong panuntunan ng Bathalismo: 1) mahalin at huwag saktan ang kapuwa; 2) Laging maging patas at huwag mang-abuso; at 3) laging magtiyaga tungo sa kaganapan at progreso na makikita sa lahat (210-211). Sa ganitong paraan ay pinatototoo ni de los Reyes ang ideya ng tatlong-bahaging pananaw sa kasaysayan (tripartite view of history) (Salazar 110—111). Para sa mga Propagandistang tulad nina Graciano Lopez Jaena, Marcelo H. del Pilar, Jose Rizal, at Isabelo de los Reyes, may sibilisasyong nang matatagpuan sa Pilipinas bago pa man dumating ang mga Espanyol. Para kay Megan C. Thomas sa kaniyang *Orientalists, Propagandists, and Ilustrados: Filipino Scholarship and the End of Spanish Colonialism*, tinutukoy nina Rizal at de los Reyes ang kabihasnang ito dahil nais nilang batikusin ang pamamahala ng mga prayle. Dahil sa kolonisasyon, at sa maling pamamalakad ng mga prayle, nalugmok ang mga mamamayan ng Pilipinas (184—186). Para sa mga Propagandista, kailangang isagawa ang mga repormang pampolitika, at tanggalan ng impluwensiya ang mga prayle, upang muling mabawi ang Pilipinas ang dati nitong kalagayan. Gagamitin ng Katipunan ang parehong ideyang ito ng tatlong-bahaging pananaw ng kasaysayan na unang naisip ng mga Propagandista ngunit itutulak naman nila ang himagsikan bilang solusyon sa pagkakalugmok ng mga Filipino tulad ng inilahad ni Andres Bonifacio sa kaniyang "Ang dapat mabatid ng mga Tagalog (189—191).

Ngunit kailangang linawin ang pananaw ni de los Reyes sa *Memoria* na hindi raw umuugat ang Katipunan sa naunang mga organisasyong Masoneriya at La Liga Filipina dahil kinakatawan ng mga kilusang ito ang magkakaibang uri. Nakatataas na uri at gitnang uri ang para sa Masoneriya at La Liga, at pinakamababang uri naman ang para sa Katipunan (100—103). Sa ganito'y nilalaktawan ng Katipunan ang Propaganda (na kinakatawan ng Masoneriya para kay de los Reyes) at La Liga sa pagtatangka nitong balikan ang nakaraan. Higit na tututukan ni de los Reyes ang diumano'y pagtatangka ng Katipunan na balikan ang sinaunang relihiyon ng Pilipinas bilang halimbawa kung paanong itinatawid ang sinaunang sibilisasyon sa kasalukuyan. Mahihinuhang itinutulak ni de los Reyes ang ideyang hindi lamang panggagagad ng Kanluraning ideya ng himagsikan ang Himagsikan ng 1896 (halimbawa'y sa Rebolusyong Pranses) kundi nakaugat sa isang higit na lumang kabihasnan at kaalaman ang himagsikan.

Ngunit sa pagsusuring ito, nais tutukan ang ikalawang bahaging idinagdag sa ikalawang edisyon noong 1900 na higit na nagbigay ng pansin sa pamahalaang rebolusyunaryo ni Emilio Aguinaldo. Inuulit ni de los Reyes ang ilang bahagi ng *Memorias* tungkol sa Katipunan at makikita ulit sa *Religion* ang tungkol sa estruktura ng organisasyon nito bago magsimula ang Himagsikan ng 1896. Ngunit itatanghal ni de los Reyes ang pamahalaang rebolusyunaryo ni Emilio Aguinaldo bilang tagapagmana ng himagsikang sinimulan ni Andres Bonifacio. Hindi na tinalakay dito ni de los Reyes ang kontrobersiya ng pagpatay kay Bonifacio upang hindi madungisan ang "kadakilaan" ng dalawang "Tagapagligtas" na sina Bonifacio at Aguinaldo (259-260). Isa itong paraan, marahil bilang tagapagtulak at tagapagtaguyod ng pamahalaang rebolusyunaryo sa labas ng Pilipinas, upang patatagin

ang posisyon ng pamahalaang rebolusyunaryo sa pamumuno ni Aguinaldo at maging isang lehitimong pamahalaang dapat kilalanin ng iba pang mga pamahalaan.

Kung ipinagpapatuloy ng Katipunan ang kabihasnang nakaugat sa sinaunang Pilipinas at ang pamahalaang rebolusyunaryo ay ang pagpapatuloy Katipunan, lohikal na isiping ipinagpapatuloy (o kailangang ipagpatuloy) ng Pamahalaang Rebolusyunaryo ni Aguinaldo ang kabihasnan ng sinaunang Pilipinas at ang tunguhin ng Katipunan. Isinulat ni de los Reyes sa *Religion* ang mga pangkalahatang mga panutong dapat sundin ng mga bagong Katipunerong tinatangkang buhayin muli ang sinaunang relihiyon ng Bathalismo. Kung susundan ang tatlong-bahaging pananaw sa kasaysayan at ilalapat ito sa pananaw ni de los Reyes, binibigyang-daan ng Pamahalaang Rebolusyunaryo ang pagkamit ng tinatamasang pagbawi sa dakilang nakaraan. Ngunit mga hinuha at haka ang mga halagahan (values) at moralidad na kinakatawan ng Bathalismo na inaasam ni de los Reyes na katawanin din ng Pamahalaang Rebolusyunaryo.

Hindi na tatangkaing suriin ng sanaysay na ito kung sinunod nga ba ng Pamahalaang Rebolusyunaryo ang mga ideyang ito ni de los Reyes. Ang malinaw lamang ay isa itong pagtatangka ni de los Reyes na talakayin ang mga sanhi at tunguhin ng Himagsikan sa isang historiko, etnograpiko, at pilosopikong paraan sa *Memoria* at *Religion*. Sa ganito'y kinakailangang ugnayin ang nobelang *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* sa mga ideyang ito ni de los Reyes upang higit na mabigyang-katuturan o paliwanag ang mga kontradiksiyon sa loob ng nobela bilang akdang pampanitikan at bilang isang tekstong tumatalakay sa diskursong makabayan.

**Pag-ibig sa Bayan at Pag-ibig na Romantiko**

Tulad ng pansin ni Doris Sommer sa kaniyang *Foundational Fictions* tungkol sa pag-uugnay ng personal na pagnanasa sa pambansang pagnanasa sa mga pambansang romansa ng mga bansang Latina Amerika (41), kakikitahan din ng ganitong katangian ang mga tauhan sa *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*. Unang nakilala ni Koronel Puso si Liwayway matapos siyang masugatan sa labanan sa bayan ng Guiguinto, Bulacan. Nagpakita ng katapangan sa labanang ito at nahirang si Puso bilang koronel ni Heneral Aguinaldo. Ngunit ipinadala muna siya sa Baliuag upang doon ay magpagamot at magpagaling. Doon niya nakilala si Liwayway, isang ulilang dalaga na inampon ng isang matandang dalaga. Si Liwayway na ang nag-alaga kay Koronel Puso upang gumaling ito. At sa pag-aalaga ni Liwayway kay Puso'y umibig si Puso kay Liwayway. Niligawan ni Puso si Liwayway ngunit nagpakita si Liwayway ng kalamigan sa simula. Kalauna'y magkakapalagayang-loob sina Puso at Liwayway at magpapahiwatig si Liwayway na mayroon din siyang pagtingin kay Puso. Bago muling sumabak sa labana'y humingi si Puso ng bagay mula kay Liwayway na maaaring magsilbing alaala o anting-anting para kay Puso sa labanan. At dito ibibigay ni Liwayway ang singsing nito kay Puso at ito'y inaalagaan ni Puso hanggang sa muling masugatan sa Kingwa. Ngunit dahil sa pagdadalamhati'y ibinigay niya sa tagapagsalaysay ang singsing sakaling siya'y mamatay sa labanan at inutusan ang tagapagsalaysay na ibalik ito kay Liwayway.

Tuwirang sinasabi sa isang diyalogo sa pagitan nina Liwayway at Puso ang ugnayan ng personal na pagnanasa sa pambansang pagnanasa. Inihayag ni Puso ang kaniyang pagnanasang paglingkuran ang Inang Bayan ngunit ninanais niyang mabuhay upang matamasa ang pagmamahal ng isang dalagang tulad ni Liwayway. Pinagtakhan ni Liwayway ang sinabing ito ni Puso at sinabing higit na kinakailangan ng Inang Bayan ang "talino at lakas" ni Puso at hindi ito dapat magpabihag sa isang dukhang babae. Ngunit sasagutin ito ni Puso,

> "Di ko kailangan turuan mo po ako ng tungkol sa pag-ibig sa lupang tinubuan; ngunit ikaw po at ang inyong kataka-takang kagandahan ay bahagi rin naman ng bayang iyan. Ang katamis-tamisang pag-ibig ninyong mga dalagang kababayan ay siyang tanging napakamahalagang gantimpala na hinihintay naming kamtan sa likod ng lubhang pagsisikap sa pagtatanggol ng ating bayan, kahit puhunan ang aming buhay (20)."

Sa isang pagbasa'y maaaring matutulan ang ganitong pananaw ni Puso dahil tila nagiging bagay o obheto lamang ang mga babae bilang mga gantimpala ng mga dakilang sundalo. Ngunit bago pa man ang diyalogo na ito'y naipamalas na ni Puso ang kaniyang tapang at kagitingan sa larangan, isang bagay na nagpaibig na sa kaniya kay Liwayway. Kaya't ang tagumpay sa pag-ibig ay kaugnay ng mga birtud na mayroon sa mga sundalong tulad ni Puso. Ang kaniyang tapang sa pakikipaglaban upang ipagtanggol ang Inang Bayan ay isang dakilang katangian at ito ang nagpaibig kay Liwayway kay Puso. Kung tutuusi'y, sa panimula pa lamang ni Carlos Raimundo, inihahayag na ang isang posibleng alegorikong pagbasa kay Liwayway bilang Inang Bayan (3). Sa ganitong paraan, ang pag-ibig nina Puso at Liwayway ay isang alegorikong representasyon ng pag-iibigan ni Inang Bayan at mamamayang Filipino.

Mula nang mawalay sina Koronel Puso at Liwayway, sapilitang ipinakasal si Liwayway sa isang Amerikano ngunit tumakas siya upang mahanap si Puso. Nang makausap nila ang doktor na Amerikano na nag-aalaga kay Puso, sinamahan sila ng doktor upang makausap ang heneral ng mga Amerikano. Nang makausap na nina Puso at Liwayway ang heneral na Amerikano, ipinawalang-bisa nito ang kasal ni Liwayway sa Amerikanong sundalo dahil hindi ito makatarungan. Kung ang pagmamahal nina Liwayway at Puso ay dakila't totoo, isang mapanlinlang na relasyon naman ang namagitan kay Liwayway at sa Amerikanong sundalong sapilitang ikinasal sa kaniya. At hindi lamang si Liwayway ang dumanas ng ganitong panlilinlang. Maraming babae ang dumaing sa Amerikanong heneral upang idulog ang kanilang suliranin na iniwan sila ng kanilang inasawang Amerikanong sundalo. Bitbit pa nila ang kani-kanilang anak na produkto ng kanilang relasyon. Nagwalang-kibo ang heneral sa daing ng mga babae habang siya mismo ang nagpawalang-bisa sa kasal ni Liwayway sa Amerikanong sundalo. Maaaring tingnan ang ibang pagtrato kina Liwayway at Puso dahil sa kadakilaan ni Puso sa digmaan. Gayundin, nahihiya na, diumano, ang Amerikanong sundalo na habulin pa niya si Liwayway nang malamang ito ay iniibig ni Koronel Puso.

Ulit, ang dakilang pag-ibig nina Liwayway at Puso ay kumakatawan sa pag-ibig ng Inang Bayan at mamamayang Filipino, ang kasal naman ni Liwayway sa Amerikanong sundalo ay kumakatawan sa hindi makatwirang kolonisasyon ng Estados Unidos sa Pilipinas. Nakaugat ang kasal ni Liwayway at sa Amerikanong sundalo sa isang panlilinlang kaya't maaari itong maisantabi at mabalewala. Ngunit kung ito nga ang kaso, bakit nananatili pa rin ang mga Amerikano sa Pilipinas? Bakit tinanggap ni Puso ang pagkikipagkaibigan sa mga Amerikano at tinanggap ang posisyon ng pagiging gobernador ng Bulakan?

**Katwirang Pangkasaysayan at ang Kaganapan ng Pamahalaang Rebolusyunaryo**

Upang masagot ang mga tanong na ito, kailangang balikan ang *Mermoria* at *Religion* upang maunawaan ang pananaw na politikal ni de los Reyes. Makikita ito, halimbawa, sa paglalarawan ni de los Reyes kay Aguinaldo. Narito ang paglalarawan ni de los Reyes kay Aguinaldo sa *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*,

> Ngunit sa isang dako nama'y masasabing si Emilio Aguinaldo'y talagang dalubhasa sa mga kaisipan at paraan ng pagtambang at panunubok sa kaaway na di nakahanda; at dahil sa mga kagagawang ito, malaki ang aniyang napulo noong labanan sa Kastila, hanggang sa narating niya ang maging pangulo ng mga heneral na naghihimagsik (17).

Maihahambing ito sa isinulat ni de los Reyes sa *Religion*,

> If Andres Bonifacio is the soul of the Katipunan and Emilio Jacinto is the brain and the inspiration that guide it, the Honorable Govermor of Cavite Viejo, Don Emilio Aguinaldo is the Divine Hand that turned the very noble ideal of redeeming the Filipinos from the yoke of Spanish colonialism into a reality. Without any doubt, he will give us freedom (257).

Malinaw sa dalawang sipi na ito na mataas ang pagtingin ni de los Reyes para kay Aguinaldo. Kinikilala niya ang galíng ni Aguinaldo bilang pinuno at heneral at ang mga katangian na ito ang nagdala sa kaniya sa pagiging Pangulo ng Republika ng Pilipinas. Kinakatawan ni Agunildo ang adhikain ng sambayang Filipino tungo sa kasarinlan at kalayaan at siya ang magdadala ng kaganapang ito.

Ngunit may limitasyon si Aguinaldo bilang simbolo. Una, isa siyang tunay na tao at hindi maikakaila ang pag-iral niya bilang nilalang ng sandaling pangkasaysayan. Si Aguinaldo ay si Aguinaldo at hindi siya maaaring mapagkamalan o maipagkamaling isang ordinaryong Filipino. At dito pumapasok ang pangalawang limitasyon ni Aguinaldo bilang simbolo, na bagaman si Aguinaldo ang simbolo ng adhikain ng pagkakaroon ng kasarinlan at kalayaan, hindi lamang sa kaniya nagtatapos ito at nasasakop ng adhikaing ito ang lahat ng mamamayang Filipino. Dito pumapasok si Koronel Puso bilang kinatawan ng sambayang Filipinong may mithiing ipagtanggol ang Pilipinas mula sa pananakop ng Estados Unidos. Ang mga labanan at sákit na pinagdaanan niya'y mga pagsubok upang sukatin ang kaniyang katapangan at katapatan, mga birtud na hinihingi sa isang makabayang mamamayan. Mahalagang tandaan ang magiting na paglaban ni Puso sa puntong kahit na sugata'y lumaban pa rin siya sa paglusob ng mga Amerikano sa kanilang pansamantalang kuta. Hindi siya sumuko at nabihag lamang ng mga Amerikano dahil sa mga sugat na kaniyang natamo. Sa loob ng nobela, iniuugnay ni de los Reyes si Aguinaldo, si Puso naman ay iniuugnay sa sambayanang Filipino.

Tulad na rin ng sinabi ni Tolentino, kakatwa ang katapusan ng nobela dahil sa pagpasok ng Amerikano bilang mabuting puwersang hindi naman talaga gustong manakop. Ngunit tulad nga ng sinabi ni Reyes, ang pag-anib ni Puso sa mga Amerikano ay nakabatay sa isang pangako, ang pangako ng kalayaan. Kung tumalikod ang mga Amerikano sa kanilang pangako, hindi malayong isipin na tumalikod din ang mga Filipino sa sumpa nila ng pakikipagkaibigan. Gayundin, ikinasal sila hindi ng Amerikanong heneral kundi ni Padre Aglipay, pinuno ng *IFI*, na kumakatawan din sa mapagpalayang adhikain ng Pilipinas sa laranagan ng relihiyon (179—180).

Paano maaabot ang kalayaan kung nakatayo sa anino ng Amerika? Masasagot ito sa pagtingin sa mga makasaysayang elemento ng nobela hindi bilang lunan lamang o background ng mga pangyayari ng katha ng nobela kundi nakakawing sa katwirang pangkasaysayan na nais nitong itulak. At dito papasok ang pag-unawa sa kasaysayan sa nobela bilang alergoryang pangkasaysayan na naglalahad ng isang katwirang pangkasaysayan. Tumutukoy ang katwirang pangkasaysayan sa paggamit ng kasaysayan upang itulak ang partikular na mga katwiran o argumento. Sa kaso ng *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*, itinutulak nito ang katwiran ng pagkamit ng kasarinlan at kalayaan ng Pilipinas.

Kailangang pansinin kung ano-anong mga sandali o pangyayari sa kasaysayan ang itinatampok sa nobela. Una ay ang labanan sa Kingwa noong 23 Abril 1899. Sumunod ay ang pagdadamba na isinagawa ni Heneral Aguinaldo at napilitang umurong pansamantala ng hukbong Amerikano. At parehong nakibahagi si Koronel Puso sa mga labang ito. Ang dalawang sandali na ito sa kasaysayan ay kailangang tingnan bilang alegorya—alegorya para sa tagumpay at kagitingan ng mga Filipino. Ang pagtatampok kina Heneral Luna at Aguinaldo ay pagtatampok sa pinakamatatalinong utak sa larangan ng digmaan. Sa ganito'y nagiging malinaw ang argumento ng nobela para sa kalayaan ng Pilipinas. Na ang mga Filipino ay kapantay ng mga Amerikano at mapapatunayan ito ng matagumpay na mga labanan sa larangan. Mismong heneral ng mga Amerikano ay kinikilala ang galing ni Koronel Puso labanan at hindi niya maitatanggi ang kaniyang paghanga. Ang pagpapakasal nina Puso at Liwayway ay ang masayang katapusan na nakamit dahil sa paghihirap at pagtatagumpay sa loob at labas ng larangan ng digmaan. Sa kabila ng pagkatalo ng mga Filipino sa digmaan, pinanday ng digmaan ang kanilang kadakilaan at ito ang nagpapatunay ng kanilang kahandaan sa kalayaan at kasarinlan.

Malinaw para kay de los Reyes ang patutunguhan ng Pilipinas sa hinaharap: makakamit nito ang kalayaan dahil napatunayan na nito sa kaniyang kasaysayan ang kagitingan, katapangan, at abilidad ng kaniyang mga anak. Wala nang magagawa ang mga Amerikano sa tadhana na ito.

Magiging hadlang lamang sila, kundi man ay saksi sa katotohanang ito. At nararapat lamang na mamuno sa daang ito tungo sa kalayaan ay ang mga magigiting na mamamayang napatunayan na ang kanilang sarili tulad ni Koronel Puso.

**Ugnayang ng mga Uri at ang Pamumuno sa Pamahalaang Filipino**

Tulad ng nabanggit na kanina tungkol sa *Memoria* at *Religion*, lumilikha ng pag-uugnay si de los Reyes sa daloy ng mga kilusan. Mula sa tunguhing muling bumalik sa dakilang kabihasnan na sinira ng kolonyalismo, ipinagtibay ng Katipunan ang adhikaing ito sa pagpapasimula nito ng himagsikan, at magpapatuloy ang dakilang proyekto na ito sa Pamahalaang Rebolusyunaryo ni Aguinaldo. Sa *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*, ipinakikita naman ni de los Reyes na ang pag-anib ng mga Filipino na naging bahagi ng pamahalaang kolonyal ay pagpapatuloy din ng adhikain ng Pamahalaang Rebolusyunaryo. Makikita ito sa pagiging gobernador ni Koronel Puso ng Bulakan sa nobela. At hindi ito nalalayo sa nangyaring pag-anib ng mga tunay na heneral at sundalo ng Hukbong Rebolusyunaryo sa pamahalaang kolonyal. Halimbawa na dito ang pagiging gobernador nina Heneral Juan Cailles sa Laguna at Heneral Juan Climaco sa Cebu.

Ngunit kailangang pansinin na ang mga nabanggit na indibidwal sa nobela, sina Antonio Luna, Emilio Aguinaldo, Gregorio Aglipay, at maging si Koronel Puso, ay galing sa hanay ng mga maylupa o ilustrado. Nakapag-aral sa ibang bansa si Luna at doon niya natutuhan ang taktikang militar na kaniyang ginamit laban sa Hukbong Amerikano. Si Aguinaldo, bagaman hindi ilustradong tulad ni Luna, ay galing sa pamilyang maylupa at naging gobernadorsilyo ng kaniyang bayan bago sumali sa Katipunan at maging heneral. Si Gregorio Aglipay ay paring sinuportahan ang pamahalaang rebolusyunaryo. Si Koronel Puso naman ay lumaki sa Paris, Pransiya. Ang mga bayaning Filipino na binabanggit sa nobela'y nanggagaling sa nakatataas na uri.

Hindi tuwirang binabanggit ni de los Reyes ang usapin ng uri sa loob ng nobela lalo na sa pagitan nina Puso at Liwayway bagaman mababanaagan ito. Si Liwayway ay galing sa higit na abâng kalagayan kompara sa kay Puso at, tulad ng binanggit ni Puso'y, lumilikha ang pagkakaiba nila ang panagmulan ng alitan. Pagkakaiba ng kultura, bilang laking Europa si Puso na sanáy sa Kanluraning paghahayag ng pagmamahal at si Liwayway naman bilang katutubong Filipinong may higit na konserbatibong gawì, ang ugat ng mga alitang ito. Ngunit posibleng ang pagkakaiba din ng uri ang isa pang ugat ng kanilang alitan bagaman hindi binanggit ng nobela ang kasaysayan ni Liwayway maliban sa pagiging ulila nito at nasa pangangalaga ng isang matandang babaeng kamag-anak. Hindi rin nilinaw ng nobela kung bakit ipinakasal si Liwayway sa isang Amerikanong sundalo. Upang mailayo lamang ba si Liwayway mula kay Puso o upang mapalapit ang loob sa mga bagong mananakop?

Mahihinuha ang ilang mga pananaw ni de los Reyes sa usapin ng uri sa kaniyang *Memoria* at *Religion*. Binanggit sa parehong akda na ang Katipunan ay nagsusulong ng isang "komunistang republika (de los Reyes 2001, 98; 2002b, 255)." At ito ang dahilan kung bakit naging malamig, sa simula, ang pagtanggap ng maraming mayayaman at maylupa sa adhikain ng himagsikan. Ngunit nang madawit at maparusahan ang ilang inosenteng mayayaman sa programa ng pagsikil sa himagsikan, nakipagsanib puwersa ang mga ito sa mga naghihimagsik (101). Bagaman hindi tuwirang binabanggit ni de los Reyes, mahihinuhang lumakas ang puwersa ng mga naghihimagsik dahil sa pagsasanib puwersang ito ng mga nakababa at nakaaangat na mga uri. Ito rin ang dahilan kung bakit sa dulo ng *Religion* ay pinangaralan ni de los Reyes ang dalawang uri na panatilihin ang isang mabuting relasyon sa isa't isa. Ani de los Reyes, "But first and foremost, let us work for our independence. We can't expect other nations to help us if we do not know how to help ourselves (295)." Dagdag pa niya, "Social problems can be easily solved with the exercise of a little love and justice between workers and owners (295)." Nakapaloob sa isang wikang paternalistiko ang ugnayan ng mayayaman sa mahihirap. Naghahanap ng paraan si de los Reyes na panatilihin ang pagkakaisa ng bansa upang patunayan sa mga Amerikano na nagkakaisa ang sambayanang Filipino sa iisang adhika ng kasarinlan at kalayaan. At kayang pamunuan ng mga Filipino ang sarili nila kung maipapamalas ng mga Filipino ang mabuting pakikipagkapuwa-tao.

Mahalaga itong pagkakaisa at mabuting ugnayan sa pagitan ng mga uri para labanan ang diskursong imperyalista ng mga Amerikano. Dahil kung babalikan ang dahilan ng mga Amerikano kung bakit nila sinakop ang Pilipinas, malinaw na idinadahilan nila ang kawalan ng kahandaan ng mga Filipino at ang kaguluhang idudulot ng pamumuno ng mga Filipino sa kapuwa Filipino (Philippine Commission 12). Sa pagtataguyod ng kaisahan ng mga uri at sa pagpapakita ng kagitingan ng mga Filipino sa larangan ng digmaan, ikinakatwiran ni de los Reyes ang kahandaan ng mga Filipino sa kasarinlan at kalayaan at pamumuno sa sariling bayan.

Sa ganitong lohika'y kinakailangan ni de los Reyes na iisantabi ang namumuong tensiyon sa pagitan ng Pamahalaang Rebolusyunaryo at ng mga mahihirap na Filpino. Ngunit ipinakita ni Milagros Guerrero sa kaniyang *Luzon at War* ang tensiyong ito sa pagitan ng mga pinunong militar, ilustrado, lokal na pamunuan, at ordinaryong manggagawa't magsasaka. Ipinagpatuloy ng Pamahalaang Rebolusyunaryo ang pagpapataw ng buwis tulad ng pagpapatuloy ng pagpapataw ng *cedula*—na galing pa sa pamahalaang kolonyal ng Espanya sa Pilipinas—at mga bagong mga pamamaraan ng pagbubuwis tulad ng *certifico de ciudadania* upang panatilihing may salapi ang pamahalaang Rebolusyunaryo (110—113). Taliwas ito sa inaakala ng mga Filipino, lalo na ang mga magsasaka, na lumaban para sa himagsikan na inaasahang ang tagumpay nila'y magdudulot ng ginhawa, lalo ang ginhawa mula sa mga buwis (124—125). Bahagyang nabanggit ni de los Reyes ang tunggaliang ito sa kaniyang *Memoria*. Ngunit hindi ito babanggitin sa *Religion* dahil, una, hindi posibleng malay si de los Reyes sa mga tunggalian noong itinatatag ang Pamahalaang Rebolusyunaryo dahil nasa ibang bansa siya at, pangalawa, sa kaniyang pagiging tagapagtulak at tagapagtaguyod ng kapakanan ng Pamahalaang Rebolusyunaryo ng Pilipinas sa ibang bansa. Maaaring hindi isinama ni de los Reyes ang detalyeng ito ng tunggalian sa pagitan ng mga uri sa kaniyang nobela dahil nga sa kaniyang adhikang ipakita ang pagkakaisa ng mga Filipino.

Hindi ko sinasabing tuwirang hindi nagiging matapat si de los Reyes sa realidad ng kaniyang panahon. Ngunit masasabing sumusunod si de los Reyes sa namamayaning pananaw na idiin ang katiwasayan ng lipunang Filipino at ng relasyon sa pagitan ng mga uri, lalo na nag kakayahan ng nakatataas at edukadong uri na pamunuan ang sambayanang Filipino. Bagaman masusulat higit isang dekada, makikita ito sa sinabi ni Macario Adriatico sa kaniyang "Our directing class or the aristocracy of the intellect,"

> In modern times, the labor organizations offer an exemple worthy of observation and study. Thanks to the wise and prudent direction of the intellectuals, these organizations defend their interests in an efficient manner by causing their voice to be heard in parliament. If the other social classes were to organize in the same manner, democracy would be a beautiful reality, and as it is to be supposed that the intellectuals would also organize and entrust the leadership to the most intelligent, we would at last have a "democracy" which would know how to govern through the "aristocracy of intelligence" (42).

Para kay Adriatico, nasa ilalim ng pamumuno ng uring intelektuwal ang kilusang manggagawa. At ipinakikita nito ang katiwasayan at kaayusan ng sistema sa Pilipinas. Itinatampok ang uring intelektuwal tulad ng pagiging bida ng uring ilustrado sa *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*. Ang uring ito ang uring magiging gabay ng mga mamamayang Filipino tungo sa landas ng kasarinlan at kalayaan. At dahil may kaayusan dulot ng paggabay ng uring ilustrado, maikakatwiran nina Adriatico at de los Reyes ang kahandaan ng Pilipinas para sa kasarinlan at kalayaan. Kung gayo'y hindi natatangi si de los Reyes sa pananaw na ito ng katiwasayan sa pagitan ng mga uri.

**Ang Kaligirang Pangkasaysayan noong 1905 at 1912**

Ulit, masalimuot ang pagkakalathala ng nobelang *Ang Singsing ng Dalagang Marmol.* Unang inilathala 1905 ang bersiyong Tagalog sa *Ang Kapatid ng Bayan* at bersiyong Espanyol sa *El Grito del Pueblo*. Mawawala ng bersiyong Tagalog at matitira ang bersiyong Espanyol na isinalin at inilathala ni

Carlos Raimundo noong 1912. Mahalagang banggitin ang detalyeng ito dahil maraming naganap sa Pilipinas sa pagitan ng 1905 hanggang 1917.

Sa pagsuko ni Heneral Miguel Malvar ng mga operasyong pandigma ng kaniyang hukbo sa Timog Katagalugan, pormal na tinapos ng Estados Unidos ang digmaang Filipino-Amerikano noong 1902. Tinapos ang pamahalaang militar sa malaking bahagi ng Pilipinas na nasakop na ng mga Amerikano at pinasimulan ang pamahalaang sibil. Dito na sinimulan ang pagtatayo ng burukrasya ng pamahalaang kolonyal ng mga Amerikano sa Pilipinas. Ngunit naging mahalaga sa pagpapalawak ng pamamahala ng pamahalaang kolonyal ay ang pag-anib ng higit na mayaman at edukadong hanay ng populasyon sa proyektong ito. Bago pa man buksan noong 1907 ang Philippine Assembly, isang lehislaturang binubuo ng mga Filipino, inakit na ng mga Amerikano ang mga Filipino sa mga posisyong lokal tulad ng pagiging gobernador at kagawad sa mga lalawigan, presidente munisipal ng mga bayan, at pagiging piskal at hukom (Cullinane 149-151).

Sa ganitong konteksto'y tatlo ang tunguhin ng *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* nang ilathala ito noong 1905. Una, bigyan ng di-tuwirang suporta ang partisipasyon ng mga Filipino sa pamamahala ng kolonyal na kaayusan. Sa *Religion*, matalo man o manalo ang Hukbong Rebolusyunaryo sa laban nito sa Hukbong Amerikano, hinihikayat ni de los Reyes ang lahat ng mga Filipino na ipagpatuloy ang adhikaing makamit ang kasarinlan at kalayaan sa lahat ng pagkakataon (293). Kaya't tama rin si Tolentino nang sabihin niyang itinataguyod ni de los Reyes ang isang taktikong pag-urong upang makamit, kalaunan, ang kasarinlan (Tolentino 180). At kasama na dito ang mapayapang paraan ng pakikilahok sa pamahalaang kolonyal ng Amerika. Pangalawa, tulad ng pag-uugnay ni de los Reyes sa pag-anib ni Puso sa pamahalaang kolonyal pagkatapos maging sundalo ng Pamahalaang Rebolusyunaryo, ipinaaalala ni de los Reyes sa mga bagong magiging politikong Filipino na itaguyod pa rin ang mga ideyal ng Katipunan at Pamahalaang Rebolusyunaryo. Pangatlo, ipinaaalala ni de los Reyes sa mga Amerikano na ang mga Filipino'y hindi mga mangmang o mga walang birtud sa pamamahala't pamumuno. Gayundin, ipinaaalala ni de los Reyes sa mga Amerikano ang kanilang pangako ng pakikipagkaibigan at pagtataguyod ng kaunlaran sa Pilipinas.

Bakit kinakailangang muling ilathala ang nobela noong 1912? Halalan para sa pagkapangulo sa Estados Unidos noong taong ito. Mula pa noong 1898, naging boses ang Democratic Party ng pagtutol laban sa pananakop ng Estados Unidos sa labas ng kontinente ng Hilagang Amerika, taliwas sa polisiyang itinulak ni Pangulong William McKinley at ng kaniyang Republican Party. Sa pag-asang manalo ang isang Democrat sa pagkapangulo, umasa din ang mga Filipino na magiging higit na madali ang pagkamit ng kasarinlan at kalayaan. Tulad ng pansin ni Reynaldo Ileto sa kaniyang "Orators and the Crowd: Independence Politics, 1910-1914," umigting sa mga taóng 1910 hanggang 1914 ang makabayang retorika bagaman higit niya itong iniuugnay sa halalang lokal noong 1909, 1912, at 1915 at hindi sa eleksiyon sa Estados Unidos (148). Sa muling paglalathala ng nobela't muling ipinaaalala nina de los Reyes at ng tagasaling si Carlos Raimundo noong 1912 sa mga politikong Filipino ang kanilang responsabilidad na itaguyod ang kasarinlan at kalayaan ng Pilipinas. Ipinaalala din sa mga ordinaryong Filipino ang kadakilaan at katapangan ng mga sundalong Filipino sa harap ng pakikipaglaban sa higit na malakas na hukbo ng mga Amerikano noong Digmaang Filipino-Amerikano. Panghuli'y ipinamumukha ng nobela sa mga Amerikano sa kanilang pangako ng kaunlaran at pakikipagkaibigan na dapat ay magiging daan tungo sa kasarinlan at kalayaan ng Pilipinas.

### Ang Katwirang Pangkasaysayan at ang Pag-asam Para sa Kalayaan

Mauunawaan kung husgahan ng isang ordinaryong mambabasa ang nobela bilang konserbatibo dahil sa paghiling nitong makibahagi ang mga Filipino sa pamahalaang kolonyal bilang pagpapatuloy ng adhikain ng kasarinlan at kalayaan. Sa isip ni de los Reyes, hindi naman talaga ito nalalayo sa tunguhin ng Kilusang Propagandista na tinangka din nilang hikayatin ang reporma sa sistemang kolonyal ng Pilipinas sa makatwiran at mapayapang paraan. Nagbago man ang mananakop, nananatili pa ring iisa ang katwiran ni de los Reyes upang hangarin ng isang bayan ang kalayaan at kasarinlan—ang makalaya mula sa isang mapaniil na pamumuno (*Memoria* 43).

Kailangan din nating unawain ang kaligiran kung kailan inilathala ang nobela. Mapaniil ang kaligiran ng paglalathala noon sa Pilipinas. Dahil sa Sedition Law at iba pang batas kaugnay ng libelo, maaaring kasuhan at ikulong ang isang tao dahil lamang mayroon siyang sinabing makabayan. Sa sobrang tindi ng kapangyarihan ng mga Amerikano noong panahong iyon, si Pascual Poblete, patnugot ng *Ang Kapatid ng Bayan/El grito del pueblo* na unang pinaglathalaan ng *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* at pinaghihinalaan dito bilang ang ato sa likod ng pangalang "Carlos Raimundo," ay tinawag ng pamunuan ng Philippine Constabulary tungkol sa pag-oorganisa ng kaniyang Partido Nacionalista 1901 at sinigurado ni Poblete sa mga opisyal na nanumpa sa pagsunod sa Estados Unidos ang kanilang mga kasapi (McCoy 106). Gayundin, si Aurelio Tolentino, ang manunulat ng kilalang "dulang subersibo" na *Kahapon, Ngayon, at Bukas*, ay nagiging tiktik para sa Constabulary matapos ang sunod-sunod na pagkakabihag kaugnay ng kaniyang mga sinulat at pakikilahok sa mga diumano'y pagtatanghal na subersibo (186).

Ngunit kailangan ding kilalanin ang limitasyon ng nobela dahil nanahimik ito sa pakikisangkot ng mga manggagawa't magsasakang Filipino sa larangan ng digmaan. Ngunit mahalaga para kay de los Reyes ang pakikilahok ng lahat ng Filipino, mayaman man o mahirap, sa usaping politikal. Malinaw ito sa mga pangaral niya sa dulo ng *Religion*. Ito ang dahilan ng kaniyang pagtulong sa pagtatag ng UOD, ang pinakaunang unyon at kilusang pangmanggagawa sa Pilipinas. Sa pagbubuo ng unyong tulad ng UOD, pinatatag ni de los Reyes ang pakikilahok ng mga manggagawa sa usaping politikal at ekonomiko. Sa kabila ng pangunguna ng mga mayayaman at edukadong Filipino sa pakikilahok sa politika ng pamahalaang kolonyal, kinikilala pa rin ni de los Reyes ang pangangailangan na magkaroon ng boses ang mga manggagawa. At bagaman babatikusin ni Jim Richardson ang mga aktibidad ni de los Reyes sa unyonismo at kilusang manggagawa bilang nababahiran pa rin ng pagiging elitista (15—17), nananatiling mahalaga ang kaniyang ambag sa paghahawan ng daan para sa isang kilusang manggagawa (Scott 20—21).

Sa pananaw na pangkasaysayan ni de los Reyes, ang pakikilahok ng mayayaman at edukadong Filipino ay pagpapatuloy ng gawain at adhikain ng mga naunang kilusan tulad ng Kilusang Propaganda. Maaaring batikusin si de los Reyes sa ganitong masyadong mapagbigay na pananaw. Para sa ibang kritiko't historyador, ang pakikilahok sa sistemang kolonyal ay isang uri ng pakikipagsabwatan (Mojares 1996, 278). Ngunit bago pa man isulat ni de los Reyes ang nobela ay malinaw na ang kaniyang pananaw sa pakikilahok ng mga kagaya niyang ilustrado sa bagong kaayusang kolonyal ng Estados Unidos: kung kailangan itong gawin upang makamit ang kasarinlan at kalayaan ng Pilipinas, isa itong kompromisong kailangang gawin. Ito ang dahilan ng pagbabalik ni de los Reyes sa Pilipinas mula sa Europa. Bagaman tinitingnan siya bilang isang "radikal" na manunulat at politiko, tinanggap niya ang kolonyalismong Amerikano upang ipasok sa Pilipinas ang higit na radikal na mga ideya tulad ng sosyalismo at anarkismo at upang pasimulan ang pag-oorganisa ngng hanay ng mga manggagawa (Scott 21-22).

At walang kontradiksiyon ito para kay de los Reyes dahil, sa kaniyang isip, nasimulan na ang himagsikan at ang daan tungong kalayaan ay hinawan na ng mga dakilang bayaning nakipaglaban at namatay sa larangan. Hindi na ito mapipigilan. Ang kailangan lamang gawin ay ipagpatuloy ito ng mga mamamayan ang lahat ng uri ng pamamaraan upang makamit ito—marahas man o mapayapa. At ang nobelang tulad ng *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* ay nagsisilbing testamento sa kung ano na ang napagtagumpayan at kung ano pa ang dapat gawin ng mga Filipino upang makamit ang inaasam na kasarinlan at kalayaan.

---

**Pagkilala**: Binigkas bilang panayam ang naunang bersiyon ng sanaysay na ito sa kumperensiyang *Bridging Worlds, Illumining the Archive: An International Conference in Honor of Professor Resil B. Mojares* na inorganisa ng journal na *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Center for Southeast Asian Studies, Kyoto University. Ginanap ito noong 30—31 Hulyo 2018, sa Novotel Manila, Araneta Center, Lungsod Quezon.

## MGA SINANGGUNI


Adriatico, Macario. 1917. "Our directing class or the aristocracy of the intellect." *The Philippine Review* 2 blg. 12: 41—45.

Ahmad, Aijaz. 1987. "Jameson's Rhetoric of Otherness and the "National Allegory"." *Social Text*, blg. 17: 3—25.

Bonifacio, Andres. 2013. "Ang dapat mabatid ng mga tagalog." Sa Jim Richardson, *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 189—191.

Cullinane, Michael. 2003. *Ilustrado Politics: Filipino Elite Responses to American Rule, 1898-1908.* Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

de los Reyes, Isabelo. 1912. *Ang Singsing nang Dalagang Marmol*. Maynila: Tip Santos y Bernal. Naakses noong 8 Agosto 2020. http://www.gutenberg.org/files/15129/15129-h/15129-h.htm

---. 2001. *Memoria: Ang Madamdaming Alaala ni Isabelo de Los Reyes Hinggil sa Rebolusyong Filipino ng 1896-97*. Salin ni Teresita Alcantara y Antonio. Lungsod Quezon: T.A. Alcantara Pub.

---. 2002a. *Ang Singsing ng Dalagang Marmol*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1—46.

---. 2002b. "The Religion of the Katipunan or The Old Beliefs of the Filipinos." *Views on Philippine Revolution: Volume I*. Salin ni Joseph Martin Yap. Lungsod Quezon: T. A. Alcantara Pub., 197—299.

Guerrero, Milagros Camayon. 2015. *Luzon at War: Contradictions in Philippine Society.* Lungsod ng Mandaluyong: Anvil Publishing, Inc.

Guillermo, Ramon. 2014. "Translation as Argument: The Nontranslation of *Loob* in Ileto's *Pasyon and Revolution*." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* 62, blg. 1: 3—28.

Ileto, Reynaldo. 1998. "Orators and the Crowd: Independence Politics, 1910-1914." Sa *Filipinos and Their Revolution: Event, Discourse, and Historiography*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 135—163.

Jameson, Fredric. 1986. "Third-World Literature in the Era of Multinational Capitalism," *Social Text*, Blng. 15: 65—88.

McCoy, Alfred W. 2011. *Policing America's Empire: The United States, the Philippines and the Rise of the Surveillance State*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

Mojares, Resil B. 1987. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press.

---. 1996. "Reinventing the Revolution: Sergio Osmeña and Post-Revolutionary Intellectuals in the Philippines." *Philippine Quarterly of Culture and Society* 24, Blng. 3/4: 269—286.

---. 2006. *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

Philippine Commission. 1900. *Report of the Philippine Commission to the President Volume I.* Washington: Government Printing Office.

Reyes, Soledad S. 2004. "Dalawang Nobela ng Rebolusyon: Isang Pagpapakilala." Sa *Ang Singsing ng Dalagang Marmol ni Isabelo de los Reyes / Ipaghiganti Mo Ako! ni Precioso Palma*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, vii—xxxi.

Richardson, Jim. 2011. *Komunista: the Genesis of the Philippine Communist Party, 1902-1935*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2011.

Salazar, Zeus. 1983. "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History." Sa *The Ethnic Dimension*. Cologne: Counselling Center for Filipinos, Caritas Association for the City of Cologne,107—126.

Schumacher, John N. 1981. *Revolutionary Clergy: The Filipino Clergy and the Nationalist Movement, 1850-1903*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Scott, William Henry. 1992. *The Union Obrera Democratica: First Filipino Labor Union*. Lungsod Quezon: New Day Publishers.

Thomas, Megan C. 2016. *Orientalists, Propagandists, and Ilustrados: Filipino Scholarship and the End of Spanish Colonialism*. Lungsod ng Mandaluyong: Anvil Publishing, Inc.

Tolentino, Delfin Jr. 2006. "History as Fiction, Fiction as History: Isabelo de los Reyes and the Historical Novel." *The Journal of History* LII:169—189.



Si **CHRISTOFFER MITCH C. CERDA** ay guro sa Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila. Nagtapos siya ng BFA Creative Writing at MA Panitikang Filipino sa Ateneo de Manila at ng PhD Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.